Tool na Aking Komunidad sa California

Kada sampung taon, pagkatapos ng Senso ng U.S., dapat guhitin muli ng California ang mga hangganan ng mga distrito nito para sa Kongreso, Senado ng Estado, Kongreso (Assembly) ng Estado, at Board of Equalization ng Estado para isalamin ang bagong data sa populasyon. Ibinigay ng Voters FIRST Act (2008) ang kapangyarihang ito sa mga tao sa California sa pamamagitan ng pagbuo ng Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Mga Mamamayan ng California, o ang Komisyon (California Citizens Redistricting Commission). Nakatuon ang Komisyon sa pagbuo ng mga makatarungang distrito na sinasalamin ang mga pinakamabuting interes ng mga tao, hindi ng mga nakaupong politiko.

Pero para gawin ito, kailangan namin ang iyong input! Sa pamamagitan ng dokumentong ito, pwede mong tiyakin na alam ng Komisyon ang tungkol sa iyong komunidad sa pamamagitan ng pagsabi sa Komisyon kung anong mahalaga sa iyo, pagguhit ng mapa ng iyong komunidad, at pagsumite ng iyong feedback sa komunidad nang direkta sa Komisyon. Pwede ka ring magsumite ng elektronikong bersyon ng papel na dokumentong ito sa DrawMyCACommunity.org. Iniimbitahan ang lahat ng nakatira sa California na makilahok. Binayaran na ng Komisyon ang postage (selyo) para paramihin ang makikilahok. Hihintayin naming makarinig mula sa iyo!

Makilahok sa Pamamagitan ng 3 Madaling Hakbang

#1 **ILARAWAN** **ang iyong komunidad**	**#2** **IGUHIT** **ang iyong komunidad sa isang mapa**	**#3** **IPADALA** **ang iyong pahayag nang direkta sa Komisyon**

HALIMBAWA #1
Nakatira ako sa isang natatanging lugar ng Farmers Branch na tinatawag na Oak Knoll Valley. Nasa hangganan ng kapitbahayan ang Highway 9 sa kanluran at Sunnyside River sa silangan. Pangunahing para sa mga tirahan ito, nang may ilang lugar na naka-zone para sa pangnegosyo at pinaghalong paggamit, lalo na sa tabi ng ilog. Ingles at Espanyol ang mga pangunahing wikang ginagamit sa Oak Knoll Valley, at may ilang residenteng gumagamit ng Vietnamese at Mandarin. Sa kabila ng ilog mula sa Oak Knoll Valley ay ang komunidad ng River Glen, na katulad ng aming komunidad dahil pangunahing para sa mga tahanan ito. Nasa parehong distrito ng paaralan kami, at ang mataas na paaralang pinapasukan ng mga mag-aaral sa Oak Knoll ay nasa River Glen. Mabuting dahilan ito para ipagsama kami sa parehong lehislatibo o Pangkongresong distrito.

HALIMBAWA #2
Nakatira ako sa Bear City, isang industriyal at pangnegosyong lugar sa tabi ng Highway 9 at 5-interstate freeway. Nagsisimula ang aming komunidad mula sa Maple Street hanggang Oak Street at mula Green Drive at Fork Road. Marami sa mga residente ang nakatira sa mga apartment para sa maraming pamilya, at marami sa kanila ang bago sa lugar.
May sariling distrito ng paaralan ang Bear City, at karamihan ng mga residente ay gumagamit ng Ingles. Hindi dapat isama ang aming komunidad sa River City, na nasa kabilang panig ng 5-interstate freeway. Binubuo ang River City ng mga tahanan para sa isang pamilya at ibang-iba ang kanilang mga pangangailangan mula sa amin.

Dapat magbigay sa amin ang mga mapa ng sapat na impormasyon – ang mga kalsada, highway, o natural na katangian na hangganan ng komunidad – para maunawaan namin kung nasaan ang komunidad kung saan may interes ka. Wala ng ibang kailangang detalye.